# Ika-27 na Luntiang Parangal

**“Pagbubunyi sa Galing ng Lasalyano”**

## IMPORMASYON PARA SA LUNTIANG PARANGAL

Sa pangunguna ng Tanggapan ng mga Gawaing Pangmag-aaral ng Pamantasang De La Salle - Dasmariñas, kikilalanin sa Luntiang Parangal ang pinakamahuhusay na estudyanteng lider, mambabatas, *artist*, manunulat, atleta, mga konseho, at mga organisasyon.

Layunin ng taunang parangal na ito na maitanghal ang mga modelo sa pamumuno, pagkamit sa kahusayan, pagkakaisa, pagtutulungan, at higit sa lahat, paglilingkod sa kapuwa – mga katangian ng isang tunay na Lasalyano.

**Nilalayon nitong matamo ang sumusunod:**

1. Kilalanin ang ambag ng mga mag-aaral, mga organisasyon, at mga konseho na nagpakita ng kahusayan sa larangan ng serbisyong pangmag-aaral.
2. Maipakita ang diwa ng pananampalataya sa pamamagitan ng aktibong pakikilahok ng mga mag-aaral sa pagtugon sa pangangailangan ng kanilang kapuwa mag-aaral at pamayanan.
3. Maipamalas ang pagiging masigasig sa paglilingkod sa pamamagitan ng pagpapalakas sa panawagan sa pagkilala sa pagpupunyagi ng mga mag-aaral.

Tungo sa pagtatamo ng diwa ng pagkakaisa, hinihikayat ang bawat Lasalyano na maging mahusay hindi lamang sa larangang akademiko maging sa kapaki-pakinabang na mga gawain at paglahok sa mga samahang pangmag-aaral na tutugon sa misyon at bisyon ng institusyon.

**Panlahat na Pamantayan sa Luntiang Parangal**

I. Upang maging kwalipikado para sa Gawad San Juan Bautista De La Salle para sa Kahusayan sa Pamumuno, Lider ng Taon, at ibang gawad pang-indibidwal, ang mga mag-aaral ay kinakailangang:

**Gawad San Juan Bautista De La Salle para sa Kahusayan sa Pamumuno**

a. Isang *bona fide* na mag-aaral ng DLSU-D simula pa lamang sa kaniyang unang taon.
b. Inaasahang matatapos ang kurso sa panahong itinatakda sa kaniyang kurikulum.
c. Magtatapos sa naturang taong panuruan.
d. Hindi kwalipikado ang *transferee, returnee, second degree course taker*.
e. Aktibong opisyal ng alinmang samahan sa loob ng pamantasan sa panahon na nagbukas ang panawagan na setipikado ng organisasyon.
f. Hindi nakapagtamo ng anumang menor at medyor na paglabag simula sa una hanggang sa huling taon ng kaniyang pananatili sa pamantasan ayon sa berepikasyon ng Tanggapan ng Kapakanan at Pormasyong Pangmag-aaral.

g. Hindi nakapagtamo ng bagsak na grado sa anumang akademiko at di-akademikong mga aralin simula sa kaniyang unang taon hanggang sa semestre bago ang kaniyang nominasyon.

h. Mayroong apat na proyekto o gawain na pinasimulan at pinamahalaan.

**Iba pang Gawad Pang-indibidwal**

a. Isang *bona fide* na mag-aaral ng DLSU-D sa Taong Panuruan (TP) 2025 - 2026.
b. Hindi nakapagtamo ng anumang medyor na paglabag simula ikalawang semestre ng nakaraang taong panuruan hanggang unang semestre ng kasalukuyang taong panuruan ayon sa berepikasyon ng Tanggapan ng Kapakanan at Pormasyong Pangmag-aaral.
c. Aktibong opisyal ng alinmang samahan sa loob ng pamantasan sa panahon na nagbukas ang panawagan na setipikado ng organisasyon.
d. Hindi nakapagtamo ng bagsak na grado sa anumang akademiko at di-akademikong aralin simula ikalawang semestre ng nakaraang taong panuruan hanggang unang semestre ng kasalukuyang taong panuruan.
e. Ang tatanggap ng parangal sa kategoryang ito ay maaari pa ring maging kwalipikado sa susunod na taon kung siya ay nananatiling opisyal ng samahan sa kasalukuyang taon.

**Gawad Panggrupo**

a. Kinikilala at akredited na samahan ng pamantasan sa TP 2025 - 2026 na sertipikado ng Tanggapan ng Pangmag-aaral na Pag-unlad at mga Gawain (SDAO).
b. Aktibong nakilahok sa larangan ng serbisyong pangmag-aaral.

## II. Rekomendasyon

Ang mga aplikante sa mga nabanggit na gawad ay inaasahang makapagsusumite ng *liham rekomendasyon** (Pormularyo 7):

**Para sa Gawad San Juan Bautista De La Salle para sa Kahusayan sa Pamumuno at Lider ng Taon** kinakailangang magsumite ng tatlong (3) liham ng rekomendasyon mula sa mga sumusunod:

- Kasamahan (sinumang mag-aaral ng DLSU-D)
- Propesor (kasalukuyan o nagdaan)
- Tagapayo o Administrador

**Para sa iba pang Gawad Pang-indibidwal** kinakailangang magsumite ng isang (1) liham ng rekomendasyon mula sa:

- Tagapayo o Administrador

**sundin ang itinakdang pormat*

## III. Kailanganing Dokumento

**Para sa Gawad San Juan Bautista De La Salle para sa Kahusayan sa Pamumuno:**

Sertipikasyon ng grado simula sa unang taon hanggang sa semestre bago ang nominasyon.

*Isasaalang-alang ang panlahat na *GPA* ng nominado sa pagtutuos ng kaniyang akademikong pagganap.

| | | | |
|---|---|---|---|
| 4.00 | 98 – 100 | 2.25 | 77 – 79 |
| 3.75 | 95 – 97 | 2.00 | 74 – 76 |
| 3.50 | 92 – 94 | 1.75 | 71 – 73 |
| 3.25 | 89 – 91 | 1.50 | 68 – 70 |
| 3.00 | 86 – 88 | 1.25 | 64 – 67 |
| 2.75 | 83 – 85 | 1.00 | 60 – 63 |
| 2.50 | 80 – 82 | 0.00 | Mababa sa 60 |

**Para sa iba pang Gawad Pang-indibidwal:**

Sertipikasyon ng grado simula sa ikalawang semestre ng TP 2024–2025 at sa unang semestre ng TP 2025–2026.

*Isasaalang-alang ang panlahat na *GPA* ng nominado sa pagtutuos ng kaniyang akademikong pagganap.

| | | | |
|---|---|---|---|
| 4.00 | 98 – 100 | 2.25 | 77 – 79 |
| 3.75 | 95 – 97 | 2.00 | 74 – 76 |
| 3.50 | 92 – 94 | 1.75 | 71 – 73 |
| 3.25 | 89 – 91 | 1.50 | 68 – 70 |
| 3.00 | 86 – 88 | 1.25 | 64 – 67 |
| 2.75 | 83 – 85 | 1.00 | 60 – 63 |
| 2.50 | 80 – 82 | 0.00 | Mababa sa 60 |

**Para sa mga Organisasyon at Gawad Pangkonseho:**

Ang sakop ng mga **kikilalaning proyekto o iba pang gawain** ay simula sa **<u>unang semestre ng TP 2025 – 2026 hanggang sa pagsusuri ng midterm ng ikalawang semestre.</u>**

**Para sa Pinakamahusay na Proyekto sa Pangingilak ng Pondo Pinakamahusay na Proyektong Pampaglilingkod:**

Ang sakop ng mga **kikilalaning proyekto o gawain** ay simula sa **<u>unang semestre ng TP 2025 – 2026 hanggang sa Marso 30, 2026.</u>**

**Pormat**

Ang mga nominado ay kinakailangang magsumite ng naka-*ring bind* na dokumento na naglalaman ng sumusunod:

- Nasagutang aplikasyong pormularyo.
- Iniisa-isang proyekto o gawain sa loob ng pamantasan na inisyatiba at pinamahalaan ng indibidwal o samahan. Kinakailangan din na aprubado at suportado ito ng sipi ng mga panukalang proyekto at ulat-katagumpayan ng proyekto.
- Ang mga panukalang batas, resolusyon, polisiya, o ulat sa progreso ay kinakailangang pirmado at may sertipikasyon ng katotohanan at pagiging tama ng Punong Kalihim o katumbas na opisyal ng organisasyon.
- Sertipiko ng paglahok at iba pang kaugnay na proyekto/gawain
- Sipi ng grado na mula sa *portal* ng mag-aaral
- Sertipiko na hindi nagtamo ng paglabag sa kinabibilangang organisasyon.
- Ang mga aplikasyon para sa **Pinakamahusay na Proyekto sa Pangingilak ng Pondo** at **Pinakamahusay na Proyektong Pampaglilingkod** ay dapat isumite sa **PDF** sa **sdao@dlsud.edu.ph**. Tiyaking humiling ng kumpirmasyon sa pagtanggap ng aplikasyon.

**Ang hindi kumpletong dokumento ay hindi kikilalanin bilang opisyal na nominado.**

**ANG MGA KINAKAILANGANG DOKUMENTO PARA SA LUNTIANG PARANGAL AY TATANGGAPIN LAMANG HANGGANG MARSO 13, 2026, 5:00 NG HAPON MALIBAN SA MGA APLIKASYON PARA SA PINAKAMAHUSAY NA PROYEKTO SA PANGINGILAK NG PONDO AT PINAKAMAHUSAY NA PROYEKTONG PAMPAGLILINGKOD NA TATANGGAPIN HANGGANG ABRIL 3, 2026; 5:00 NG HAPON.**

## MGA KATEGORYA NG GAWAD

**Gawad Pang-indibidwal:**

Gawad San Juan Bautista De La Salle para sa Kahusayan sa Pamumuno
Lider ng Taon
Opisyal ng Taon para sa Grupo ng Sining Pagtatanghal
Opisyal ng Taon para sa Pamahalaang Pangkolehiyo
Opisyal ng Taon para sa Konsehong Pamprograma (lahat ng kolehiyo)
Opisyal ng Taon para sa Ko-Kurikular na Samahan
Opisyal ng Taon para sa Organisasyong Pang-interes
Opisyal ng Taon para sa Pampamantasang Konsehong Pangmag-aaral (lahat ng sangay ng USG)
Opisyal ng Taon para sa Konseho ng Organisasyong Pangmag-aaral
Mamamahayag Pangkampus ng Taon
Gawad Kultural

**Gawad Panggrupo:**
Grupo ng Sining Pagtatanghal ng Taon
Pamahalaang Pangkolehiyo ng Taon
Konsehong Pamprograma ng Taon (lahat ng kolehiyo)
Ko-Kurikular na Samahan ng Taon
Organisasyong Pang-interes ng Taon
Pinakamahusay na Proyekto sa Pangingilak ng Pondo
Pinakamahusay na Proyektong Pampaglilingkod
Pinakamahusay na Organisasyon sa Pagsusulong ng SDG
Pinakamahusay na Pamahalaang Mag-aaral sa Audit
Huwarang Kolehiyo sa Disiplina ng Taon (Kategorya ng malalaking kolehiyo)
Huwarang Kolehiyo sa Disiplina ng Taon (Kategorya ng maliliit na kolehiyo)

IV. Ang talaan ng mga nominado na dumaan sa pamimili batay sa dokumento ay ilalabas sa ika-6 ng Mayo 2026. Ipababatid sa mga nominado kung sila ay kwalipikado sa isang tiyak na kategorya.

Ang nominado para sa Gawad San Juan Bautista De La Salle para sa Kahusayan sa Pamumuno at Lider ng Taon ay sasabihan para sa panayam ng *panel*.

V. Ang panayam para sa Gawad San Juan Bautista De La Salle para sa Kahusayan sa Pamumuno ay isasagawa ng isang panel na binubuo ng mga administrador mula sa iba't ibang tanggapan sa loob ng kampus. Hangga't maaari, magkakaroon din ng isang (1) kinatawan mula sa ibang kampus ng De La Salle, mas mainam kung isang De La Salle Brother.

Ang panayam ng *panel* para sa Lider ng Taon ay binubuo ng mga administrador mula sa mga tanggapan sa loob ng kampus.

Ang panayam ng panel ay pamumunuan ng Dekano/Dekana ng Tanggapan ng Serbisyong Pangmag-aaral.

VI. Ang pinal na puntos para sa mga kategorya sa Gawad San Juan Bautista De La Salle para sa Kahusayan sa Pamumuno at Lider ng Taon ay tutuusin batay sa sumusunod:

| | |
|---|---|
| Panayam | 30% |
| Mga Kailanganing dokumento | 70% |

Ang marka para sa panayam ay tutuusin batay sa sumusunod:

| | |
|---|---|
| Nilalaman | 40% |
| Kahalagahan | 40% |
| Pagpapahayag | 20% |

VII. Kung walang nominado sa isang tiyak na kategorya, awtomatikong walang gagawaran sa nasabing kategorya.

VIII. Ang Gawad San Juan Bautista De La Salle para sa Kahusayan sa Pamumuno ang pinakamataas na pagkilala na ibinibigay sa isang estudyanteng lider. Kaya, kung

nagkataong isang tao lamang ang tatanggap ng Gawad San Juan Bautista De La Salle para sa Kahusayan sa Pamumuno at Lider ng Taon, ang Gawad para sa Lider ng Taon ay ibibigay sa nasa ikalawang ranggo ng nasabing kategorya.

IX. Ang unang pito na may pinakamataas na puntos lamang ang ikokonsidera bilang opisyal na nominado para sa Gawad San Juan Bautista De La Salle para sa Kahusayan sa Pamumuno..

Ang unang sampu na may pinakamataas na puntos lamang ang ikokonsidera bilang opisyal na nominado para sa Lider ng Taon.

**MGA PANGUNAHING PAGKILALA na makatatanggap ng tropeo.**

**Gawad San Juan Bautista De La Salle para sa Kahusayan sa Pamumuno**

Bilang isang lider, kinakailangang maibalanse ang akademiko, ko-kurikular at ekstra-kurikular na mga gawain. Nangangailangan ito ng matatag na kasanayan sa pamumuno at pakikipag-ugnayan, disiplina, at ang malalim na pagtatalaga ng sarili sa paglilingkod sa iba.

Ang Gawad San Juan Bautista De La Salle para sa Kahusayan sa Pamumuno ay ipinagkakaloob sa isang Lasalyanong mag-aaral na nagpapamalas ng mga katangian ni San Juan Bautista De La Salle sa pamamagitan ng aktibong paglililingkod sa mga kapuwa mag-aaral mula pa sa kaniyang unang taon hanggang sa huling taon sa institusyon.

*[Punan ang Talaan ng Mag-aaral (Pormularyo 1) at Gawad San Juan Bautista De La Salle para sa Kahusayan sa Pamumuno (Pormularyo 2)]*

**Gawad Lider ng Taon**

Ang Gawad Lider ng Taon ay ipinagkakaloob sa isang indibidwal na nagpapamalas ng kapuri-puring pamumuno sa loob ng taong panuruan, napanatili ang mahusay na pagganap akademiko, at aktibong nakikilahok bilang pinunong mag-aaral sa Lasalyanong misyon na pagkaisahin at tulungan ang iba para sa isang mahusay at nagkakaisang komunidad.

Maaaring magmula ang mga nominado sa lahat ng opisyal na organisasyong pang-mag-aaral ng pamantasan.

*[Punan ang Talaan ng Mag-aaral (Pormularyo 1) at Lider ng Taon (Pormularyo 3)]*

**Iba Pang Gawad Pang-indibidwal**

Kabilang sa gawad na ito ang mga sumusunod:

Gawad San Juan Bautista De La Salle para sa Kahusayan sa Pamumuno
Lider ng Taon
Gawad Kultural*
Opisyal ng Taon para sa Grupo ng Sining Pagtatanghal
Opisyal ng Taon para sa Pamahalaang Pangkolehiyo
Opisyal ng Taon para sa Konsehong Pamprograma (lahat ng kolehiyo)
Opisyal ng Taon para sa Ko-Kurikular na Samahan
Opisyal ng Taon para sa Organisasyong Pang-interes
Opisyal ng Taon para sa Pampamantasang Konsehong Pangmag-aaral (lahat ng sangay ng USG)
Opisyal ng Taon para sa Konseho ng Organisasyong Pangmag-aaral

*[Punan ang Talaan ng Mag-aaral (Pormularyo 1) at Pangunahing Pagkilala-Indibidiwal (Pormularyo 4).*
**Pagpapasiyahan ng Tanggapan ng Sining at Kultura]*

**Gawad Panggrupo**

Magkakabukod na gawad ang ipagkakaloob sa mga sumusunod:

Grupo ng Sining Pagtatanghal ng Taon
Pamahalaang Pangkolehiyo ng Taon
Konsehong Pamprograma ng Taon (lahat ng kolehiyo)
Ko-Kurikular na Samahan ng Taon
Organisasyong Pang-interes ng Taon

*[Punan ang Talaan ng Organisasyon (Pormularyo 5), Pangunahing Pagkilala-Panggrupo (Pormularyo 6 at 6.1 para sa Ko-Kurikular na Samahan ng Taon at* Organisasyong Pang-interes ng Taon *)]*

**Mamamahayag Pangkampus ng Taon (pagpapasiyahan ng SCO)**

Kabilang sa gawad na ito ang Manunulat ng Taon at *Artist* Biswal ng Taon na mula sa HF. Ang sumusunod ang magiging batayan ng pagmamarka:

*ARTIST* BISWAL

**Kasanayang Artistiko** **30%**

**Kontribusyon sa Publikasyon** **35%**

| | |
|---|---|
| Lathalang Gawain | 20% |
| Dinaluhang *Seminar* | 10% |
| Mga Natamong Tagumpay | 5% |

**Akademikong Pagganap** **20%**

| | | | |
|---|---|---|---|
| 4.00 | 98 – 100 | 2.25 | 77 – 79 |
| 3.75 | 95 – 97 | 2.00 | 74 – 76 |
| 3.50 | 92 – 94 | 1.75 | 71 – 73 |
| 3.25 | 89 – 91 | 1.50 | 68 – 70 |
| 3.00 | 86 – 88 | 1.25 | 64 – 67 |
| 2.75 | 83 – 85 | 1.00 | 60 – 63 |
| 2.50 | 80 – 82 | 0.00 | Mababa sa 60 |

**Pakikitungo** **15%**

| | |
|---|---|
| Lupong Editoryal | 60% |
| Tagapayo | 40% |

MANUNULAT

**Kasanayan sa Pagsulat** **30%**

**Kontribusyon sa Publikasyon** **35%**

| | |
|---|---|
| Lathalang Gawain | 20% |
| Mga Dinaluhang *Seminar* | 10% |
| Mga Natamong Tagumpay | 5% |

**Akademikong Pagganap** **20%**

| | | | |
|---|---|---|---|
| 4.00 | 98 – 100 | 2.25 | 77 – 79 |
| 3.75 | 95 – 97 | 2.00 | 74 – 76 |
| 3.50 | 92 – 94 | 1.75 | 71 – 73 |
| 3.25 | 89 – 91 | 1.50 | 68 – 70 |
| 3.00 | 86 – 88 | 1.25 | 64 – 67 |
| 2.75 | 83 – 85 | 1.00 | 60 – 63 |
| 2.50 | 80 – 82 | 0.00 | Mababa sa 60 |

**Pakikitungo** **15%**

| | |
|---|---|
| Lupong Editoryal | 60% |
| Tagapayo | 40% |

*[Punan ang Talaan ng Mag-aaral (Pormularyo 1) at Mamamahayag Pangkampus ng Taon (Pormularyo 4.1)*

**Pinakamahusay na Proyektong Pampaglilingkod (Pagpapasiyahan ng LCDC)**

1. **Kabisaan ng Inilahok na Proyektong Pampaglilingkod sa mga Nakinabang (35%)**
   (Paano nagiging epektibo ang proyekto sa pagpapanibago o pagpapaunlad ng kalidad ng buhay ng mga kliyente/makikinabang?)

2. **Katagalan ng Proyekto (20%)**
   (Ito ba ay pangmaikling panahon o nagpapatuloy na proyekto? Ano-ano ang mga panghinaharap na plano ng proyekto?)

3. **Pagtataguyod ng diwa ng bolunterismo at mabuting Pagkamamamayan (20%)**
   (Sino ang mga tao/organisasyon/institusyon na sangkot sa proyektong ito? Ano-ano ang kanilang tungkulin sa pagsasakatuparan ng proyekto?)

4. **Pagsasakatuparan ng Proyekto (15%)**
   (Pagkamaunlad ng ginamit na estratehiya/bukod-tangi at kabisaan ng pamamaraang ginamit sa pagsasagawa)

5. **Mabisang Paggamit ng mga Resorses (10%)**
   (Pagkamapamaraang Pinansiyal, pakikipag-ugnayan sa iba pang organisasyong pangmag-aaral, panlabas na mga katambal at/o lokal na tagasuporta)

*[Punan ang Talaan ng Organisasyon (Pormularyo 5) at Pinakamahusay na Proyektong Pampaglilingkod (Pormularyo 8)]*

**Pinakamahusay na Proyekto ng Mag-aaral sa Pangingilak ng Pondo (pagpapasiyahan ng AARO)**

1. **Katwiran sa Pangingilak ng Pondo (20%)**
   (Konsepto, kaugnayan sa misyon ng organisasyon, pagbibigay-katwiran)

2. **Estatehiya sa Pangingilak ng Pondo (30%)**
   (Mga Malikhaing Dulog sa pagsasakatuparan ng plano)

3. **Mga Resulta at Pagkatuto sa Pagsasagawa (30%)**
   (Kabisaan ng halaga batay sa pinansiyal na ulat na may mga pansuportang dokumento, bilang ng mga nagkaloob/donor)

4. **Katibayan ng pagkamalikhain, Inobasyon, at Inspirasyon (20%)**
   (Mga pansuportang dokumento at mga materyal kasama ang marka sa ebalwasyon)

*[Punan ang Talaan ng Organisasyon (Pormularyo 5) at Pinakamahusay na Proyekto ng Mag-aaral sa Pangingilak ng Pondo (Pormularyo 9)]*

**Pinakamahusay na Organisasyon sa Pagsusulong ng SDG**

**Mga Pamantayan sa pagpili:**

1. **Pagkakaugnay sa SDG (25%)**
   Malinaw ba ang ugnayan ng proyekto sa SDG at partikular na target nito?

2. **Epekto (Impact) (25%)**
   Nasusukat ba ang epekto ng proyekto sa komunidad o kanilang benepisyaryo? Positibo ba ang naging pagbabago?

3. **Inobasyon (15%)**
   May malikhan ang pamamaraan o bagong ideya sa pagpapatupad ng proyekto?

4. **Pagpapanatili (Sustainability) 15%**
   May plano ba upang mapanatili o mapalawak ang proyekto? May pangmatagalang epekto ba?

5. **Partisipasyon at Pagkakaisa (10%)**
   Lawak ng partisipasyon ng mga kasapi, stakeholders, at benepisyaryo.

6. **Kalidad ng Dokumentasyon (10%)**
   Kumpleto, organisado, at malinaw ba ang mga kalakip na dokumento?

7. **Pagtasa sa Paglalarawan ng mga Proyekto (10%)**
   Paano naipaliwanag ng organisasyon ang layunin, epekto, at koneksyon ng proyekto sa SDG?

*[Punan ang Talaan ng Organisasyon (Pormularyo 5) at Pinakamahusay na Organisasyon sa Pagsusulong ng SDG (Pormularyo 10)]*

## IBA PANG PAGKILALA na makakatanggap ng medalya:

**Gawad ng Pagkamatapat**
Batay sa rekomendasyon ng Tanggapan ng Kapakanan at Pormasyong Pangmag-aaral.

**Miyembro ng Taon para sa Lupong Editoryal ng Vicissitude**
Batay sa rekomendasyon ng Tanggapan ng Vicissitude

**Kasamahang Ministrong Pangkampus ng Taon**
Batay sa rekomendasyon ng Tanggapan ng Ministeryong Pang-Kampus

**Gawad KAAKIBAT para sa mga boluntaryo ng SERVE**
Batay sa rekomendasyon ng Sentro ng Pagpapaunlad ng Lasalyanong Komunidad

**Boluntaryo ng Taon para sa Kasamahang Lasalyanong Tagapagpadaloy**
Batay sa rekomendasyon ng Sentro ng Kagalingang Mag-aaral

**Gawad sa Natatanging Mag-aaral Internasyonal**
**Natatanging Dignitaryo**
**Ambasador ng Taon sa Antas Ehekutibo**
**Ambasador ng Taon sa Antas Lehislatibo**
**Ambasador ng Taon para sa Natatanging Miyembro**
**Gawad Internasyonalisasyon para sa Natatanging Samahang Pang-Institutsyon**
**Gawad sa Natatanging Mag-aaral Internasyonal**
Batay sa rekomendasyon ng Tanggapan ng Pakikipag-ugnayan at Iskolarsyip

**Mag-aaral ng Taon para sa NSTP-CWTS**
Batay sa rekomendasyon ng Tanggapan ng NSTP-CWTS

**Kadeteng Babae at Lalaki ng Taon**
**Natatanging Kadeteng Babaeng at Lalaking Opisyal ng Taon**
Batay sa rekomendasyon ng Tanggapan ng 267th NROTCU

**Mga Atlleta ng Taon**
Batay sa rekomendasyon ng Tanggapan ng Pagpapaunlad Pang-isports

**Musikero ng Taon**
**Pinakanamumukod-tanging Miyembro ng Chorale ng Taon**
**Mananayaw Kultural ng Taon**
**Modernong Mananayaw ng Taon**
**Artistang Pambanda ng Taon**
**Artistang Panteatro ng Taon**
**Pinuno ng Taon sa Pangkat Pamproduksiyon**
Batay sa rekomendasyon ng Tanggapan ng Sining Pangkultura

**Opisyal ng Taon para sa Ehekutibong Sangay ng Pampamantasang Konsehong Pangmag-aaral (USG Executive Branch)**
**Opisyal ng Taon para sa Komisyon ng Eleksyong Pangmag-aaral (USEC)**
**Opisyal ng Taon Para Sa Mababang Kapulungan ng Kongreso (HOR)**
**Opisyal ng Taon Para sa Komisyon ng Internal Audit ng Pamantasang Konsehong Pangmag-aaral (IAS)**
**Opisyal ng Taon para sa Kataas-taasang Hukuman ng Pamantasan (High Court)**
Batay sa rekomendasyon ng bawat sangay ng Pampamantasang Konsehong Pangmag-aaral